

Sulat Pastoral para sa Baong Taon 2015 ni Obispo Paul Otsuka

Pagpalain ang may Karukhaan ng Diwa

~Pagsasabuhay ng Karukhaan ng Diyos: Ikalawang Bahagi~

Ang Diyosesis ng Kyoto

+ Paul Otsuka Yoshinao

Panawagan ni Papa Fransisko

Si Papa Fransisko na nagpakita ng masiglang espiritu na debosyon sa pagtulong sa mga dukha sa kanyang bansang Argentina ay nanawagan sa atin na "Maging simbahan para sa kapakanan ng mga dukha." Ang pundasyon ng gawain sa misyon, ang Mabuting Balita na siya mismong ipinahahayag ng isang misyonero o misyonera, ay ang kanyang sariling katapatan sa ipinag-uutos ng Ebanghelyo. Ang Santo Papa mismo sa pamamagitan ng kahusayang umaapaw at bumubukal mula sa kaibuturan ng kanyang kaluluwa, batay sa masidhing pagpapakumbaba na makikita sa kanyang payak na pamumuhay, at ang pagiging madali niyang malapitan, ay isang tahimik na pagpapatunay sa mensaheng ibig niyang ipahayag.

Ang Santo Papa ay nalulungkot sa kasalukuyang henerasyon ng mga Kristiyano na bagama't ang daigdig ay nahaharap sa matinding kahirapan ay "hindi man lamang napapansin ang mga dukha at mukhang panatag sila na tanging sila lamang ang maliligtas.." Ang pangalang Fransisko na mismong ang Santo Papa ang pumili, ay nangangahulugang itinutulak niya papasok sa loob ng Simbahan ang paksa ng espiritu ng pagmimisyon na pagpapanibgong-anyo na kaisa ang mga dukha, at ang pagiging payak sa pakikitungo sa kanila. At hindi lang 'yan ang Santo Papa ay nanawagan sa atin na maging komunidad na nakikisangkot sa pagdadala sa lahat ng tao ng kaligayahang nagmumula sa ebanghelyo. Tumatawag ito sa atin na maging handa na lumabas at yakapin ang lahat. Tayong mga Kristiyano ay dapat magkaroon ng tapang na isuko ang ginhawa ng ating mga lugar at magdala ng ilaw ng ebanghelyo sa mga naipit sa mga madidilim na sulok dahil sa lakas ng pang-aapi. (Evangelii Gaudium 20)

Sa pagtugon sa tawag ni Papa Fransisko, tayong mga taga -Diyosesis ng Kyoto na kasamang makikiisa sa kalagayan ng mga dukha, ay nararapat lamang magbalik-tanaw sa ating pananaw ukol sa espirituwalidad ng ating Simbahan.

Noong nakaraang taon pinagtuunan natin ng pansin ang karukhaang materyal ng mga dukha. Sa taong kasalukuyan ating bibigyang pansin ang paghihirap sa isip at sa karukhaang spiritwal ng mga nagdarahop.

Pagsikapan nating basahin ang "apostolikong pangangaral" ni Papa Fransisko "Ang Ligaya ng Pagpapahayag ng Mabuting Balita" (2014 Katorikku Chuuou Kyougika).

1. Pagsalalay sa Diyos sa gitna ng kahirapan

(In the sense of character)

"Mapapalad ang mga may diwa ng dukha sapagkat sa kanila ang Kaharian ng Langit." (Mateo 5,3) Ang mga taong nagtipon sa dalampasigan ng Lawa ng Galilea na siyang kinakausap ni Hesus noong sinabi niyang "Mapapalad ang mga may diwa ng dukha" ay ang mga taong nangangailangang mabuhay, hindi lamang nagdudusa sa karukhaang

materyal, kundi ang mga ina-aapi at nakararamdam ng kawalan nang magagawa sa kalagayang kinasadlakan, kawalan ng pag-asang may makukuhang tulong mula sa iba. Sila ay itinuturing ng lipunan na walang kapangyarihan, mga talunan, mga walang ikagagalak, mga taong walang pangarap o kahit pag-asa man lang. Wala silang lugar na mahingahan man lamang. Hindi nila itinuring ang kanilang sarili na pinagpala sa anumang paraan. Ito ang mga dukha, na karaniwang magsasaka at mangingisda, na nagtitiwalang may pag-asa silang magkaroon ng mabuting buhay sa pamamagitan ni Hesus ay nagtipon at umaligid sa kanya sa dalampasigan. Sa orihinal na sulat sinasabi na "Sumigaw si Hesus, 'O napakasaya nila!' Ang mga may diwa ng dukha."

Ang salitang "ligaya" ay pagsasalin ng "Pinagpala ng Diyos." Sa makataong pananaw ang mga taong ito ay mahirap na ituring na "pinagpala." Nguni't, kahit pa, napasigaw si Hesus nang may damdamin, "O, kayo ay pinagpala ng Diyos!" Ang karamihan sa mga Hudyo, na walang kapangyarihan dahil sa nakapalakas na pang-aapi ng emperyong Romano, ay itinuturing ang mga taong ito na walang pag-asang mailigtas dahil hindi nila sinunod nang lubusan ang Batas ayon sa itinagubilin ng mga Pariseyo at mga abogado. Kaya't ang mga taong ito na buo ang paniniwala na sila ay walang pag-asang mailigtas ay tama lamang na mabigla nang marinig na sila ay pinagpapala ng Diyos.

Ang nakasulat sa Sermon on the Mount ayon kay Mateo na nagsasabing "ang mga dukha ay pinagpapala," ay isinalin ng Kyoudoukai na "pagpalain ang mga mahihirap" upang sabihin ang "dukha sa diwa (puso)." Kaya ang kahulugan nito ay "karukhaang espiritwal." Ang pagsasalin ng mga Franciscano ay "Yung mga nakakaalam ng sarili nilang karukhaan." Sa katapat na (corresponding) berso ni Lucas (Lucas 6, 20-26) ang kahalagahan ng berso ay nagpapahayag ng ideya na ang mga taong naghihirap sa materyal na bagay ay pinagpapala, na kakaiba sa mga mayayaman na hindi pinagpapala. Ang berso ni Mateo ay nagsisikap na ilabas ang elemento ng espiritwalidad ng mga sawimpalad. Sinasabi ba ni Hesus sa mga tao na, sa imbes na kaginhawaang materyal na tinatamasa ng mga mayayaman ay umasa sa Diyos at kaya sila ay pinasasaya at pinakikilos nang naaayon sa kanilang pananampalataya sa Diyos? Sa ganitong sinasabi ni Hesus na "OK ito. Kahit ganito ay OK dahil sa ganitong paraan inilalagay ninyo ang buong pagtitiwala sa Diyos Ama. Sa ganitong paraan, inaamo (consoling) at hinihikayat ni Hesus ang mga tao na buong-buong ilagay ang kanilang tiwala sa Maawaing Diyos (divine mercy). Sa ganitong paraan ang kanilang materyal na karukhaan ay magiging positibo at masiglang karukhaang espiritwal. Gusto kong pagtuunan ng pansin ng mga tao ang karukhaan ng diwa na ito nawa ay makapagpapalalim ng banal na pag-sandig (holly dependence) sa Diyos.

2. Pagiging mulat sa ating kahinaan (In the sense of discovery)

Noong panahon ni Hesus, hindi tinanggap ang mga turo Niya ng mga taong masaya sa umiiral na sistema (structures). Sa mga biniyayaan ng kayamanan at mataas na antas ng buhay (status), wala silang nararamdamang kahinaan at pangangailangan sa mapagpakumbabang pagsandig sa Diyos, at dahil sa ganitong pangangatwiran halos imposible na tanggapin nila ang mga turo ni Hesus. "At sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad: 'Talagang sinasabi ko sa inyo: mahirap makapasok ang mayaman sa kaharian ng Langit. Oo, maniwala kayo, mas madali pa para sa kamelyo ang lumusot sa butas ng karayom kaysa pumasok ang isang mayaman sa kaharian ng Langit.'" (Mateo 19, 23-24) Ang pagkakatali sa pera at kayamanan ang nagiging pundasyon ng kanilang pagsandig sa kanilang uri ng pamumuhay at nagbibigay ng kahulugan sa kanilang buhay. At sa ganitong paraan, ang kayamanan ay nagiging balakid sa kanilang magpawalang hanggang kaligtasan (salvation).

Mula sa Krus sa kapilya ni San Damiano, narinig Fransisko ng Assisi ang mga salitang ito, "Fransisko, itayo mo muli ang aking simbahan." Dala ang kayamanan ng kanyang ama, sinimulan niyang itayo muli ang kapilya. Nguni't ng magtagal natanto niya kung ano ang sinasabi sa kanya ng Diyos na gawin. Napagtanto niya na ang tawag sa kanya ay hindi para ayusin ang gusali, kundi ibalik ang kaligayahan sa mga sawimpalad. Sa huli, ang

pinaka kahulugan ng paglalang sa kanya ay maging Sandigan ang Diyos. Sa kanyang pag-aming ito, inialay niya nang may pananampalataya ang kanyang buong sarili sa ebanghelyo at namuhay siya na hindi nahahadlangan ng mga makamundong kayamanan. Sa kanyang pagtulad sa radikal na kahirapan ni Kristo ang buong buhay niya ay tanging umikot lamang kasama ng mga maralita.

Ang pag-uugali ng mga tao na pagtutol sa kawalan ng kapangyarihan ng mga nilalang sa harap ng Diyos upang sila ay mailigtas ay isang negatibong paraan sa karukhaang espiritwal at iiwasan. Dapat tayong maging mulat sa karukhaang espiritwal. Ang taong namulat sa ganito ay maligaya. Ang hinihiling ni Hesus sa atin, sa pamamagitan ng ating malalim (intimate) na pakikipagniig sa Diyos, ay ang malaman ang kalaliman ng ating karukhaang ispiritwal. Tinatanggap natin ang katotohanang wala tayong magagawa gamit ang ating pangsariling kapangyarihan upang matupad ang ating kaligtasan, at may pagpapapakumbaba nating ilagay ang ating buong tiwala sa kamay ng Diyos.

3. Hindi natin kayang bigyan ng grasya (justify) ang ating sarili (Conscious sense)

Sa pamamagitan nang pagharap sa ating sariling kahinaan at paglalagay ng buong tiwala sa Diyos, maiisip natin kung gaano tayo kaawa-awa (miserable) at nangangailangan ng tulong ng Diyos. Upang mapagsabihan ang mga nagyayabang na sila ay makatarungan (just) at hinahamak ang iba, itinuro ni Hesus ang isang parabola ng mga Publikano at Pariseyo: "Sinasabi ko sa inyo na ito ang umuwing nasa grasya ng Diyos ngunit hindi ang isa. Sapagkat ibababa ang lahat ng nagpapakataas at itataas naman ang nagpapakababa." (Lucas 18, 14) Pinuri din niya ang matatag na pananampalataya ng mahirap na biyuda na nagbigay ng dalawang barya sa lagayan ng abuloy. Bagama't siya mismo ay halos walang-wala para mabuhay, hindi siya nag-atubili na ibigay ang buong kita niya sa lagayan ng koleksyon. (Lucas 21, 1-4). Ang tunay na kahulugan ng kahirapan ay ang pag-iwas na maging tulad ng Pariseyo na sarado ang pag-iisip sa kanyang ilusyon na siya ang biniyayaan kaya't kuntento sa pansariling kapakanan lamang (self-satisfied), at maging tulad ng Publikano na sa kapakumbabaan ay hindi binibigyang katuwiran ang pansariling pangangailangan at hinarap ang kanyang payak na espiritwalidad.

Ipinaliwanag ni Pablo na ang tunay na kapakumbabaan ni Hesus ay kitang-kita nung bilang nagkatawang taong Kristo buong-buong ibinigay ni Hesus ang sarili sa pamamagitan ng sakripisyo sa Krus. (Sa salitang Griyego: Kenosis) Siya, na may anyong Diyos, na hindi itinuring ang sarili bilang kapantay ng Diyos, ay bagay na dapat pagtuunan ng pansin. Nguni't sinaid Niya ang sarili sa anyo ng isang alipin at sa kanyang pagkakatawang tao: naging kawangis natin. Nagpakababa siya at naging masunurin hanggang kamatayan, maging ang kamatayan sa krus. (Filipo 2, 6-8). Kaya para sa ating mga makasalanan, paano natin matutularan si Kristo na sinaid ang buong sarili (Kenosis)? Yan ay sa pamamagitan ng pagiging kaisa kay Kristo. Dapat nating aminin na tayo ay mahina, alipin ng kasalanan. Kaya't humingi tayo ng awa ng Diyos, "Panginoon, maawa ka sa amin," at tayong mga makasalanan ay dapat mag-alay ng ating sarili at ipagkatiwala ang lahat sa Panginoon. Hindi lamang sa ating kagustuhan na saidin ang buong sarili, kundi sa pamamagitan ng pagsaid ng buong sariling kasama si Kristo. Sa ganitong paraan hilingin nating tayo'y hindi maging mayabang sa harap ng Diyos upang huwag natin bigyang katuwiran ang mga baluktot nating sarili at magsumamo na mabigyan ng kababaang loob.

4. Matutuhan ang kasaganaan ni Kristo sa pamamagitan ng kahirapan (Christological sense)

Sa turo mismo sa atin ni Hesus, walang ibang paraan upang mapayabong ang kabutihan ng pagpapapakumbaba maliban sa pagtulong ni Kristo. "Lumapit sa akin, lahat kayong nahihirapan at may pinapasan, at pagiginhawahin ko kayo. Kunin ninyo ang aking pamatok at matuto sa akin, akong mahinahon at mababang-loob, at makakatagpo kayo ng ginhawa para sa inyong kaluluwa." (Mateo 11,28-29)

Hindi binigyang pansin ni Hesus ang kanyang kadakilaan bilang Anak ng Diyos. "Bagamat mayaman, nagpakadukha siya para sa inyo upang yumaman kayo sa kanyang karukhaan." (II Cor 8, 9) Ito ang pagpanig (option) ng Diyos para sa karukhaan. Maaari nating sabihin na Siya ay napuno dahil sinaid niya ang Kanyang sarili. Sa pakikipag-isa sa kanyang Amang nasa langit Siya ay may kamulatan (awareness) na siya ay minamahal ng Ama at kaya alam niya (conscious) na Siya ay bahagi Niya. Walang kailangang iba pang tulong para Siya ay magtagumpay. Sa ibang salita, ang nakatulong sa Kanyang nakatagong mundo (internal world) ay hindi tulad ng kapangyarihang makalupa o mga materyal na ari-arian, kundi ang pagkakaroon ng Kanyang tunay na sarili.

Samakatuwid, ang karukhaan ni Hesus ay binubuo ng ganito: lubusang pagsunod sa kagustuhan ng Ama, at kaya buong pagsasaid sa sarili (karukhaan) bilang alay na pangsakripisyo (sacrificial oblation) na inihahandog sa pagmamahal sa kapwa, dito niya natagpuan ang kasaganaan sa pagkakilala at pag-angkin niya (possession) sa Kanyang sarili. Ito ang kayamanan ng Diyos. Masasabi natin na ito ang karukhaang espiritwal na pinatunayan at tinupad ni Hesus. Ang pagiging mulat sa pagmamahal at pagtatanggol ng Diyos sa kapakanan ng maralita ang pinagbabatayan ng Kanyang buong loob na pagsasabuhay (submit) sa radikal na karukhaan. Natututuhan din natin ang karukhaan at nararanasan ang kasaganahan sa pagtulad kay Hesus sa kanyang pagiging mahinahon (meek) at pagiging mapagpakumbaba (humility).

5. Pagbibigay ng ating kasaganaang hindi nakikita (Sacramental sense)

Natutunan natin ang pagiging mapagkumbaba sa pamamagitan ng pagtulad sa sinadyang pagtanggap ng karukhaan. Hindi natin dapat kalimutan ang sagradong kautusan (solemn injunction) ni Hesus, "Walang makakapagsilbi sa dalawang amo; siguradong kamumuhian ang isa at mamahalin naman ang isa pa, o magiging matapat sa una at mapababayaan ang pangalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Diyos at sa pera." (Mateo 6, 24; Lucas 16,13) Hindi sinabi ni Hesus na "Hindi kayo dapat," kundi, "Hindi maari." Sa ibang salita, hindi tayo maaaring magsilbi sa Diyos na kasabay ang pagsisilbi sa mammon. Ang salitang Griyego na "mammon" ay nagpapahiwatig ng ideya na ito ay magiging balakid sa daan ng pagsilbi kay Kristo. Maaari nating sabihin na ang karukhaang espiritwal ni Hesus ay naglalagay sa atin sa tapatang pagtutol sa mammon. Ang "mammon" ay maaaring sumakop sa paghahanap ng seguridad, tagumpay, kapangyarihang pampolitika, at katanyagan. Anumang nag-uudyok sa atin na ipakita ang ating sarili na mas nakakataas na nilalang sa harap ng Diyos at tao ay papasok sa ibig sabihin ng "mammon." "At kasuklam-suklam sa paningin ng Diyos ang mataas sa mga tao." (cf. Lucas 16, 13-15).

Mayroong paraan upang ang kayamanang ito ay magagamit na hindi mammon. Ipinaliwanag ni Pablo na hindi kayamanan mismo ang siyang ugat ng lahat ng kasamaan; ang paghahangad na yumaman ang siyang ugat ng kasamaan. (cf. I Timoteo 6, 10) Ang pagkakamal ng kayamanan ay nagiging masama, nguni't kung ito ay ibinabahagi nang may pag-ibig ang mammon ay nagbabago mula masama hanggang maging pinagmumulan ng kabutihang espiritwal. Halimbawa, pinagalitan ni Pablo ang mga taga-Corinto tungkol sa kanilang ginagawa sa banal na pagkain (sacred meal). Ang ilang kasapi ay nagpapakabusog ng tinapay habang ang iba naman ay nagugutom. Sa ganitong paraan sila ay nagkakasala laban sa Katawan ni Kristo. (I Cor 11, 17-34). Sa kabilang banda, kung ating ibabahagi ang tinapay na ito nang pantay-pantay ito ay nagiging Katawan ni Kristo. Sa ibang salita, sa pagbabahagi ng tinapay na kailangang-kailangan natin bilang tao ito ay nagiging paraan upang maisabuhay (confecting) ang "sakramento ng pag-ibig." Kung tutuusin, ang sakramento ay isang nakikitang signo ng pag-iisip na dala natin tungkol sa biyaya ng Diyos na hindi nakikita. Ibahagi nating lahat ang kasaganaang espiritwal na hindi nakikita ng ating ordinaryong mata sa pamamagitan ng pagbabahagi na may pag-ibig sa lahat ng tao ng materyal na kayamanang nakikita.

6. Itigil ang mga sakim na pagnanasa upang magkaroon ng mas maraming kayamanan (Executive sense)

Hindi tayo ang nagmamay-ari ng ating mga ari-arian, tayo ay mga tagapamahala. Hindi natin dapat tingnan ang ating mga ari-arian na para lamang sa ating sariling kapakanan (own proper jurisdiction), nguni't sa pamamagitan ng paggamit sa kanila para sa ikabubuti ng ating kapwa-tao tayo ay nakapaglilingkod (providence) ng kabutihan ng Diyos. (cf Ang Simbahan sa Modernong Mundo 69) Sa prinsipyo, ang panglahat (universal) na layunin ng mga materyal na ari-arian ay ang kanilang halaga sa lipunan. (Catholic Catechism, 2402-2406) Kaya ang pagmamay-ari ng mga ari-arian dito sa mundo ay hindi makasalanang. Nguni't dapat isaalang-alang ang katotohanang mayroon tayong mga materyal na bagay, at mayroon din tayong obligasyon na gamitin ang mga iyon para sa ikabubuti ng lipunan. Sinabi ni San Juan Crisostomo na "Kung may mga tao na nabubuhay sa karukhaan iyon ay dahil may ibang taong labis-labis ang mga bagay dito sa mundo. At habang hindi nila ibinabahagi ang kasaganaang ito sa mga nangangailangan ang kanilang kayamanan ay dapat ituring na nakaw na yaman. Ang labis-labis na kasaganaan ng mga mayayaman, batay sa katarungan, ay para sa mga mahihirap. Sa ibang salita, dapat ituring na mga yamang ninakaw ito sa mga mahihirap. (Catholic Catechism, 2446) Mahigpit (severely) na tinitingnan ng Diyos ang hindi makatarungang paglago ng agwat ng mayayaman at mahihirap dito sa mundo ngayon.

Ayon sa kanyang kalikasan, ang sangkatauhan ay naghahanap ng tagumpay at kaligayahan. Hinahangad niya na magkaroon pa ng mas maraming ari-arian hanggang ito ay maging kinahuhumalingang (fetish) ilusyon na kakayaning pupuno sa tao sa kakulangan sa kanyang kaluluwa (soul) ay ang mga materyal na bagay. Sa katapusan ito ay darating sa punto na ang taong sakim ay magiging lubusang alipin hanggang maging diyos ang kayamanan, at wala ng kalayaang mapigil ang pagnanasa sa mga materyal na ari-arian. Isinasabuhay natin ang karukhaan ng Kristiyano sa pamamagitan ng pagpigil sa pagnanasa sa walang hanggang kayamanan. Sinabi nang maayos ito ni Lao Tsu: "Pinagpala silang mga nakakaalam kung kailan sapat na ang nasa sa kanila." Ito ay maaaring sabihing nangangahulugan na: "Kahit na sila ay dukha sa ari-arian, yung nakakaunawa kung kailan may sapat na silang nakuha ay pinagpapala ng espiritwal na ng kayamanan."

"Malaman mo nawa na kung nasaan ang iyong kayamanan, naroon din ang iyong puso." (Mateo 6, 21) Sa mga nalabanan ang kanilang pagkahumaling sa kayamanan, at sa pagnanasang magkaroon pa ng mas marami, iyon din ang magpapalaya sa pananaw sa bagay-bagay na ayon sa kanilang kayabangan (vanity) at pagkamakasariili. Magkakaroon ng puwang sa puso nila ang mga mahihirap at mahihina, at kikilalanin silang mga kapatid. "Ang bawat isa ay dapat magpahalaga sa iba nang higit pa kaysa sarili." (Filipos 2, 3) Ang mapagkumbabang pakiramdam na ito ay aapaw mula sa kailaliman ng puso. Ang mga naniniwala ay dapat palaging maingat sa ugali na maramdaman na tayo ay maaaring maging masaya (satisfied) sa mga bagay dito sa mundo.

7. Magbigay kaysa sa tumanggap (In the sense of salvation)

Isang mayamang batang lalaki ang humarap kay Hesus at nagtanong: "Mabuting guro, ano ang dapat kong gawin para magmana ng buhay na walang hanggan?" Sumagot si Hesus, "Isa ang kulang sa iyo. Umuwi ka at ipagbili ang lahat ng iyo at ibigay sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa Langit. At saka ka bumalik para sumunod sa akin." (Marcos 10, 17-21) Hindi sinagot ni Hesus ang tanong na "Ano ang dapat kong gawin upang ako ay mailigtas?" Ang magagawa natin ay tanggapin ang Kaharian ng Diyos bilang kayamanan ng biyaya (grace). Ang isang kundisyon lamang ay ating lutasin ang ating pagkahumaling sa kayamanan.

Ang ating pagbabagong-loob bilang Kristiyano ay nagmumula sa ating pagkamulat na "merong kulang sa akin." Ang kamulang ito sa ating kakulangan ay mahigit pa sa usapin ng tungkulin, at dinadala sa atin ang isang nibel ng kamulatan ng ating

pagnanasang maging malaya. Ang pag-ibig ay hindi napupuno ng mga maka-mundong bagay. Hindi rin umuusbong ang pag-ibig mula sa anumang maka-mundong pamimilit ng tungkulin. Sa imbes, ang pag-ibig ay umuusbong mula sa ating maligayang pagnanais na isakripisyo ang sarili. Siguradong ang mayamang batang lalaki sa kwentong dating nabanggit ay napagtanto ang ibig sabihin ng pamumuhay sa mundo ng pag-ibig sa pagkakita niya sa sakripisyo ni Hesus sa krus.

Ang mga Kristiyano sa panahon ni Takayama Ukon ay sanay na sanay sa mga gawaing pang-espirtwal (spiritual exercises) ni San Ignacio. Sila ay may maayos na kaalaman tungkol sa kaisipang karukhaang espirtwal bilang pag-aalay ng kanilang ari-arian sa mga dukha sa tunay na espiritu ng karukhaan sa pamamagitan ng santong pagwawalang bahala (holy abandonment) (Ignatian Spiritual Exercises 98, 146, 147) Nararamdaman natin ang pang-akit sa simpleng buhay ng karukhaan na isinasalarawan ng pagtanggap nang parang bata sa Kaharian ng Diyos. Ito ang uri ng lupang pinagsisilangan ng mga martires.

Ang sabi ni Pablo, na binanggit ng ating Panginoon, “Higit pang mapalad ang nagbibigay kaysa tumatanggap.” Dapat nating matutunan na sundin ang mga salitang ito na iniwan Niya sa atin. Tayo rin ay dapat matuto na bigyan ng pansin ang pagbibigay, malaki man o maliit, sa imbes na magsikap na makakuha ng mga bagay sa buhay.

8. Pagtanggap ng pag-aalala sa buhay (In the integrated sense)

Magiging masaya ba tayo kung walang pag-aalala? Sabi ni Hesus, “Kaya sinasabi ko sa inyo: huwag mag-alala sa kakanin at iinumina para sa inyong buhay, o sa idadami para sa inyong katawan. Di ba’t mas mahalaga ang buhay kaysa pagkain, at ang katawan kaysa damit?” (Mateo 6, 25) Tayo ay natural lamang na nag-aalala sa mga pang-araw-araw na bagay. Walang taong hindi nakakaranas ng pag-aalala. Sa katotohanang tayo ay buhay, umiiral tayo sa gitna ng mga pag-aalala, at upang malabanan ang pag-aalalang ito maaari tayong mamili sa ilang mga paraan. Dahil ang pag-aalala, ayon sa kanyang kalikasan, ay kinatatakutan maaari nating piliin na hindi iyon pansinin. O, maaari nating alisin iyon sa ating isipan, o subukang iwasan ang mga kalagayang maaaring magdudulot ng pag-aalala. Ang mga Kristiyano, sa imbes na binabalewala ang pag-aalala, ay tinatanggap iyon bilang bahagi ng pamumuhay. Sa imbes na sumama ang loob tungkol sa pag-aalala, kinikilala natin ang halaga nito.

Dito natin inaalala ang isa pang kasabihan ni Hesus: “Tingnan ninyo ang mga ibon sa langit: hindi sila naghahasik ni nag-aani, ni nag-iipon sa mga bodega, gayunma’y pinakakain sila ng inyong Amang nasa Langit. Di ba’t mas mahalaga kayo kaysa mga ibon?” (Mateo 6, 26) Ang tao ay napaka-halagang nilalang sa mata ng Diyos. Ang tunay na pinagkukunan ng katahimikan ng loob sa harap ng mga pag-aalala ay ang tiwala sa pagmamahal ng Diyos sa atin. Makikita natin ang kompiyansang ito sa mukha ng Blessed Mother Teresa. Tayo rin ay makakatuklas ng ligaya sa buhay sa ilalim ng talukbong ng pagtatanggol ng Diyos sa pamamagitan ng pagtanggap ng pag-aalala sa ating pang-araw-araw na buhay na may kompiyansang tutulungan tayo ng Diyos kahit na kulang tayo sa panglabas (external) at materyal na seguridad (security) na sinasabing ibibigay sa atin ng mundong ito.

9. Ang pananampalatayang nabubuhay para sa mga dukha (In the critical sense)

Ang Japan, na nakaligtas sa kalunos-kunos na kalagayan pagkatapos ng giyera at ang nakakalasing na “bubble economy,” ay naging isang lipunang nakatuon lamang sa ekonomiya. Ito ang naging resulta ng mga taong puspos ng makamundo at materyalistikong pag-iisip na umaagnas sa puso at humubog ng mga tao sa makabagong panahon na hindi nakikita ang kahalagahan ng payak na pamumuhay. Kaya ang mga tao ay lalo pang naghahanap ng mas maraming kaligayahan, nagsusumikap na

magtagumpay gamit ang hindi tamang pamamaraan, at tinatapakan ang ibang tao upang makakuha ng adbentahe para sa sarili. Sa kinalabasan, ang mga tao ay lubog sa latian (swamp) ng makasariling karangyaan. Sa ganitong kapaligiran ng pang-sariling kaligayahan (self-satisfaction) at kasuwapangan, ang mga tao ay wala nang nakikilalang relihiyon maliban sa umasa sa Diyos para sa mga bagay-bagay dito sa mundo. Maiisip natin na tayong may pananampalataya ay may tungkulin na hindi pabayaang na ang ating pananampalataya ay mabahiran ng ganitong makamundong pamumugad (infestation).

Nung si Hesus ay tuksuhin ng demonyo sa desyerto Siya ay inudyukan na maging makamundong tagapagligtas. Sa harap ng ganitong tukso sumagot si Hesus: “Sinasabi ng Kasulatan: *Hindi sa tinapay lamang nabubuhay ang tao kundi sa bawat namumutawi sa bibig ng Diyos.*” (Mateo 4, 4) Sa gitna ng kawalan ng paniniwala at insulto, ipinakita ni Hesus kung ano ang pagsasabuhay ng tunay na karukhaan. Ito ang mahigpit na laban ni Hesus sa demonyo. Ipinakikita dito ang katotohanan ng ibig sabihin ng pagsasabuhay ng buhay ng karukhaan.

Ang karukhaang espiritwal ay hindi umuuring sa laban sa mga masasamang kapangyarihan, sa imbes ito ay harapang pakikapagtunggali sa demonyo. Ang kahulugan sa Kristiyano ng bukas-loob na pagsasabuhay ng buhay ng karukhaan ay ang pagharap sa isang pagsubok. Ito ay isang mahalagang hamon. Ibig sabihin nito ay hindi lamang pagtanggap sa pagsubok na inihahain ni Hesus sa atin, kundi pagtutok sa mga dukha. Tinawag tayo ni Papa Fransisko na maging “simbahang dukha.” Hinihilingan ang bawat isa sa atin na mabuhay ng buhay ng pananampalataya na nakaalay sa mga dukha.

10. Maging kaisa sa ibang nabubuhay sa karukhaan (In the sense of community)

Kung ano tayo ay kakaiba sa kung anong meron tayo. Nguni't taliwas ito sa maraming tao na gustong makilala ayon sa kung anong meron sila kaysa sa kung sino sila. Halimbawa, ang isang tao ay maaaring dukha, walang anumang pag-aari na masasabi, nguni't kaya pa rin niyang ibigay ang sarili. Sa ganitong kalagayan, ang taong iyon ay nagbibigay mismo ng kung ano siya. Sa ganito ding kalagayan, ang karukhaan ang siyang magbibigkis sa atin bilang komunidad sa pamamagitan ng pagtutulungan ng bawat isa. Kung ang isang tao ay may sariling pag-aari maibibigay niya ito sa iba. Nguni't ang isang taong walang-wala ay wala ring maibibigay maliban ang kanyang sarili. Tunay na sa kalagayang ito makikita natin ang wagas na pag-ibig dahil ang tao ay nag-aalay, hindi ng bagay, kundi ng sarili. Sa kabilang banda, kung ang isang tao ay nagbigay ng “bagay” ito ay nagdudulot ng agwat sa pagitan ng nagbibigay at tumatanggap. Sa ibang salita, sa ganitong kaso ang tumatanggap ay nalalagay sa isang mababang posisyon dahil umasa siya sa nagbigay. Ipinakikita nito na ang tao na nagbigay sa iba ng anumang bagay ay mas malakas kaysa sa tumatanggap. Sa pagbibigay sa gitna ng karukhaan, tayo ay nagiging pantay-pantay na nagkakaisa sa ibang tao. Ang ating pagkakaisa ay pinatunayan sa karukhaan.

Sa sinaunang Simbahan, ito ang maririnig natin: “May iisang diwa ang lahat ng sumasampalataya at inari nilang para sa lahat ang lahat.” (Gawa 2, 44-45) Ang maliit na bagay na nasa kanila, dahil sa magiliw na pinagsasaluhan sa espiritu ng pag-ibig, ay nagpapahayag ng karukhaang espiritwal na kanilang pinili. Kung ito man ay para sa isang tao o sa kabuuan ng komunidad, ang kakulangan ng materyal na bagay ng grupo ay nagiging makahulugan. Upang maging dukhang komunidad ng simbahan, kasama na rin ng monasteryo, ang mga kasapi sa parokya ay dapat na pumili na mamuhay ng karukhaang pang-ebanghelyo (evangelical poverty).

11. Pagdarasal sa Espiritu Santo para sa pagpapakumbaba (In the sense of pneumatology)

“Sapagkat ugat ng tanang kasamaan ang pag-ibig sa salapi; nalihis na sa pananampalataya ang ilang naghanged nito, at dumanas sila ng maraming paghihirap.” (I

Timoteo 6, 10) Nakita ni Pablo na ang mga nahuhulog sa kasakiman (avarice) ang kaagad nawawalan ng pananampalataya. Ang sabi ni Agustin: “Kung ang taong mayaman ay hindi nagmamay-ari sa Diyos, ano na ang kanyang inaari? At kung ang isang dukha ay nagmamay-ari ng Diyos, paano mo sasabihin na siya ay walang-wala? Sa mata ng Diyos ang kayamanan ay lubusang walang halaga. Sa imbes, sa harap ng Diyos ang karukhaan ng isang dukha ang kanyang yaman. “*Sumasaakin ang Espiritu ng Panginoon kayat pinahiran niya ako upang ihatid ang mabuting balita sa mga dukha. Sinugo niya ako upang ipahayag ang paglaya sa mga bilanggo, sa mga bulag ang pagkabawi ng paningin, upang bigyang-ginhawa ang mga api, at ipahayag ang taon ng kabutihang-loob ng Panginoon.*” Naramdaman ni Hesus na ang Kanyang misyon ay ang pagpapahayag ng mabuting balita sa mga dukha. Sa paghimok ng Espiritu Santo na nanahan sa ating lahat, tayo ay tinatawag na dalhin ang mabuting balita sa mga dukha, sa pamamagitan ng may sayang pagyakap sa karukhaang pang-ebanghelyo (evangelical poverty) nang may saya. Ano ang mga pamamaraan na maaaring piliin sa makamundong buhay para sa bawat isang tao sa pagkamit ng espiritu ng karukhaan? Ang tawag sa karukhaan ay hindi isang utos na ibinababa ng Diyos mula sa itaas, kundi isang paghimok ng Espiritu Santo mula sa ating kalooban. Walang mintis na gigisingin tayo ng Espiritu Santo sa pag-iral ni Kristo sa atin at mga dukha, at upang masundan si Kristo sa pag-iwan sa mga makamundong ari-arian, at kasama nila ang pag-iwan sa ating pagsamba sa diyosa ng kayamanan, pagsuko ng makasalanang pag-aaksaya, at pagpili ng buhay na may hinahon (restraint). Mula dito ang pag-ibig at kapayapaan, na ang Diyos lamang ang makapagbibigay, ang igagawad sa atin. Sa ganitong dahilan dapat nating tularan si Kristo sa kanyang pagpapakumbaba, at magdasal tayo sa Espiritu Santo na tayo ay palaging mamumuhay ng buhay ng karukhaan nang may bagong puso at isip, at nang hindi umaasa sa ating sariling kaalaman at karanasan.

Ang Awit ni Maria

Walang mauunawaang salita na nagpapahiwatig ng damdamin (attitude) ni Hesus, ng Kanyang piniling gagawin, at nagpapaliwanag ng Kanyang kilos na katumbas ng “karukhaan.” At ang mga salitang “Pagpalain ang mga dukha sa diwa” ay nakabatay sa ating pagiging malapit sa Diyos, at hinihila tayong lalo pang lumapit sa Kanyang minamahal na mga dukha. Malapit ang relasyon ng apostolate at karukhaan. Ginusto ng Diyos ang Simbahang dukha na kahali-halina sa mga dukha. Ang apostolikong karukhaan ay pundasyon para sa paglalaganap ng Kaharian. Sa apostolikong pagpapahiwatig ni Papa Fransisko, *Evangelii Gaudium*, idinidiin na sa pamamagitan lang ng pagpapalaganap ng ligaya ng makabagong ebanghelisasyon na ang misyong ito ay magagawa. Ang ligaya ng ebanghelyo ay ang ligaya ng mga gawa ng Diyos at nakabibiglang bumubukal mula sa puso ng karukhaan. At sinabi ni Maria: “nagagalak ang aking espiritu sa Diyos na aking Tagapagligtas dahil isinaalang-alang niya ang abang utusan niya, at mula ngayon, ituturing akong mapalad ng lahat ng salinlahi.” (Lucas 1, 47-48). Ang Awit ni Maria (Ang Magnificat) ay awit ng mga tao na nagsasabuhay ng Beatitudes. Si Maria ay ang ina ng mga dukha, ang Bituin ng Bagong Ebanghelisasyon. Sa kanyang tulong maisasabuhay natin ang ligaya ng ebanghelyo, at mahahanap natin ang saya nang may lakas ng loob.

1 Enero 2015, Pista ng Ina ng Diyos

Paunawa:

Ang lahat na nakasulat dito mula sa bibliya ay kuha sa <http://www.bibleclaret.org/bibles/tagalog.htm>.